

# News

2017 Autumn

No.89

Magasin ng Multilingwal na Impormasyon

Tagalog

## Nilalaman

- P.1 Tradisyon sa Taglagas/ Pagdiriwang ng Multicultural Exchange~ Ika-22 *Froide Matsuri*
- P.2 Ang ika-15 *Meikeisai* Tourist Information
- P.3 Fire prevention Week sa Taglagas/ Health Consultation para sa mga batang mag-aaral
- P.4 Delikado kung hindi ninyo alam ang mga bagay na ito!~ 「ang electric bicycle」 ~ /Ang kapitbahay~ *Gng. Kuwagaki Michelle*
- P.5 Ang probisyon at paliwanag hinggil sa Mother & Child Health Booklet / Health Consultation ng mga buntis, ina, sanggol
- P.6 Gabay sa deadline ng pagbabayad ng city tax/ Gabay para sa pagbabayad sa pamamagitan ng direct debit payment / Consultation counter para sa pagbabayad ng city tax kapag holidays
- P.7 Ang paraan ng pagtatapon ng basura
- P.8 Ang pagpatingin sa doktor tuwing holidays.

## < Tradisyon sa Taglagas >

Masarap damhin ang hangin at maganda ang buwan sa panahon ng Taglagas.

Ang gabi kung kailan makikita ang ma bilog na buwan sa gabi ng Agosto 15 ay tinatawag na *Juugoya* at tinatawag ding *Chuushuu no Meigetsu* sa Lunar New Year.(※)

Ang ibig sabihin ng *Juugoya* ay *Mangetsu* (full moon). Ang new moon ay aabutin ng 15 araw bago mag-full moon kaya ito tinawag na *Juugoya*.

Ang ibig sabihin naman ng *Chuushuu* ay kalagitnaan ng Taglagas. Noon pa mang unang panahon ay nakaugalian na ang pagmamasid ng buwan tuwing *Juugoya* (Agosto 15) na siyang kalagitnaan ng Autumn na nagsisimula mula Hulyo hanggang Setyembre.

Ang Taglagas ay panahon ng pag-aani. Ang produkto sa bawat taon ay iniaalay sa buwan (susuki, odango, atbp.) bilang simbolo ng pagpapasalamat at pananalangin para sa masaganang ani.

Ang *Juugoya* sa taong ito ay sa Oktubre 4, Miyerkules. Nais ninyo bang pagmasdan ang buwan sa gabing iyon?

Ang susuki... ay rice cake na gawa sa malagkit na simbolo ng kahilingan ng masaganang ani at sinasabing ito ay agimat noong unang panahon.

Odango...ito ay itinulad sa bilog na buwan, gawa sa arina mula sa bigas.

(※)Lunar New Year: Ito ay idinadaos sa loob ng isang buwan. Ipinapalagay na ang new moon ay nagsisimula sa unang araw ng buwan at ang susunod na panibagong new moon ay sa unang araw ulit ng susunod na buwan.

## < Pagdiriwang ng Multicultural Exchange~ Ika-22 *Froide Matsuri* >

Ang Multicultural Exchange na *Froide Matsuri* ay nagsimula noong 1996 at ngayon ay ipagdiriwang ang ika-22 taon nito. Ang tema ngayong taon ay 「*koko ni oideyo, atarashii Inuyama~ sekai wo hakken, jibun wo hakken*」 ( halina`t pumarito sa bagong *Inuyama*~ tuklasin ang mundo, tuklasin ang sarili) Gusto mo bang makita ang bagong ikaw? Tikman ang mga lutuin mula sa iba`tibang bansa at kultura. Iniimbitahan ang mga gustong makiisa sa exhibit, mga speakers at volunteers. ※Ang deadline para sa mga gustong lumahok sa exhibit ay sa Oktubre 4, 2017.

Kailan: Disyembre 10, Linggo; Alas-10:00 ng umaga ~ alas-4:00 ng hapon

Saan: Inuyama Internatinal Tourist Center (*Froide*)

◇Para sa mga detalye: Inuyama Multicultural Exchange ☎(0 5 6 8) 6 1 - 1 0 0 0



## Ang ika-15 *Meikeisai* ay gaganapin sa Oktubre 14, Sabado; 15, Linggo

Ang *Meikeisai* ng Nagoya Keizai University ay magbubukas ng mga tindahan (mga pagkain mula sa iba't-ibang bansa), mga orihinal na ideya ng Nagoya Keizai University (horror house, etc.), mga event na inihanda na tiyak na lubos ninyong ikatutuwa. Malugod namin kayong iniimbitahan sa araw na ito at aming hihintayin ang inyong pagdating.

Kailan: Oktubre 14, Sabado; 15, Linggo

Oras: Alas-10:00 ng umaga ~

※ Kasabay ding magbubukas ang Inuyama-shi Sangyou Shinkou-sai (*Inuyama Shimin Bunka Kaikan*)

Mula Inuyama Shimin Bunka Kaikan ⇔ Nagoya Keizai University ⇔ Meitetsu/ Takata Jinja-mae station

### Detalye :

- Pagbubukas ng maraming shops
- Pagtatanghal ng mga cute na daycare students.
- Mga palabras na sa Meikeisai ninyo lamang makikita
- Mayroong ding Bingo games na may tsansang manalo ng mamahaling papremyo, atbp...

### ◇Para sa mga katanungan :

Nagoya Keizai University/ Tanki Daigaku-bu

Lugar: Inuyama-shi, Uchikubo 61-1

☎(0 5 6 8) 6 7 - 7 2 4 4

Mail : meikeisai@nagoya-ku.ac.jp

## Tourist Information


### •Autumn campaign ng Lungsod ng Inuyama

Kailan: Mula Setyembre 16, Sabado ~ Disyembre 3, Linggo

Saan: Inuyama Castle Kamachi Ittai

Para sa mga detalye: Inuyama Kankou Annai-jo ☎(0 5 6 8) 6 1 - 6 0 0 0

Detalye: Mayroong stamp rally kung saan maaaring makakuha ng Kushi Gourmet at marami pang events na tiyak ninyong ikasisiya.



### •Jakkouin Momiji Festival

Kailan: Mid-November~ Mid-December

Saan: **Jakkouin**

Para sa mga katanungan: **Jakkouin** ☎(0 5 6 8) 6 1 - 0 0 3 5

Detalye: Ang **Inuyama Jakkouin** ay tinatawag ding **Owari no Momiji-dera**. May 800 puno ng Momiji, naglalakihang sanga at pinong makukulay na dahon na napakagandang pagmasdan at tiyak ninyong ikasisiya.



### •Karakuri Town Tour (Mechanical Doll festival)

Kailan: Sa umpisa ng Oktubre

Saan: Joukamachi Ittai

Para sa mga katanungan: **Inuyama Kankou Annai-jo** ☎(0 5 6 8) 6 1 - 6 0 0 0

Detalye: Matutunghayan ang buong pagmamalaking inihanda ng Lungsod ng **Inuyama** ang mga events kung saan tampok ang **Karakuri** (※)(mechanical doll).  
(※) Mga manikang pinapagalaw ng sinulid at iba pang mekanismo.



**Karakuri**

## Fire prevention week sa Taglagas Nob. 9~Nob.15



Papalamig na at ihahanda na natin ang mga gamit panlaban dito..

Tayo ay mag-ingat sa sunog upang maiwasan ang pagkawala ng mahalagang buhay at ari-arian!

### 7 bagay na dapat tandaan

#### 1. Sigarilyo

Iwasan ang pagtatapon kung saan lang ng upos o magsigarilyo habang nakahiga sa kama.



#### 2. Arson

Iwasan ang magtambak ng mga bagay na madaling magningas sa harapan ng inyong bahay.




#### 3. gas stove/ kalan

tiyaking napatay na ang apoy kapag lalayo sa kalan.



#### 4. Fire alarm sa bahay

Maglagay ng fire alarm upang makatakas agad bago pa lumala ang sunog.




#### 5. Paglalaro ng apoy

Huwag payagang maglaro ng posporo o lighter ang mga bata



#### 6. electric cords

gamitin ng wasto ang mga kagamitang de-kuryente, iwasan ang sala-salabat na kurdon .



#### 7. stove/ heater

Iwasan ang maglagay ng mga bagay na medaling magliyab malapit sa heater.



◇Para sa mga katanungan :

Inuyama Firefighters -Prevention Dept.

☎ (0 5 6 8) 6 5 - 3 1 2 3

### ●Health Consultation para sa mga batang mag-aaral

Sa bansang Japan, ang mga batang ipinanganak ng Abril 2, 2011~ Abril 1, 2012 ay magsisipasok na sa elementarya sa Abril, 2018. Ang mga mag-aaral na may ibang nasyonalidad ay kinakailangang kumonsulta sa munisipyo para sa mga kinakailangang dokumento.

Katulad ng nakasaad sa ipinadalang notipikasyon, kinakailangang samahan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paaralan para sa health consultation. Para sa mga wala pang natatanggap na notipikasyon maaaring makipag-ugnayan lamang sa munisipyo hinggil dito.

◇Para sa mga katanungan: Munisipyo ng Inuyama; School Education ☎ (0 5 6 8) 4 4 - 0 3 5 0





## Delikado kung hindi ninyo alam ang mga bagay na ito!

~ ang tungkol sa 「electric bicycle」 ~



May 2 klase ng electric bicycle. Ito ay ang **Dendou Assist Jitensha** (Electric Assisted Bicycle) at ang **Full Dendou Jitensha** (Full Electric Bicycle). Bagama't magkapareho ang hitsura nito, sa ilalim ng batas ng bansa ay may pagkakaiba ito! Kung ang Full Dendou Jitensha ay mahuhuli at napatunayang may hindi nasunod sa mga kondisyong itinalaga para ditto ito ay magiging labag sa batas. May kaakibat na multa at parusa ang mahuhuli nito. Tiyakin ang mga nakasaad sa ibabang kolum upang maiwasan ang anumang kaparusahan.

【Kondisyon】	Dendou Assist Jitensha	Full Dendou Jitensha
【Katangian】	Depende sa lakas ng kuryente ng bisikleta ang magiging lakas ng pagpedal.	Kuryente ang nagpapatakbo dito at hindi kailangan pang mag-pedal.
【 Kondisyon kapag gagamitin sa public road】		
① Lisensiya, helmet	① × (magsuot ng helmet para sa kaligtasan)	① ○
② Sa pedestrian lane lamang	② ○ (ikabit ang plate number sa itinalagang puwesto)	② ×
③ Direction Indicator, break lamp	③ ×	③ ○ (Tuparin ang batas ng Road Trucking Vehicle Law)
④ Jibaiseki Hoken(※) (liability insurance)	④ ×	④ ○
⑤ Plate number	⑤ ×	⑤ ○

(※) Ito ay ang insurance na magbabayad sa biktima kung sakaling makaaksidente ang nagmamaneho. Isa ito sa mga kondisyon bago makagamit ng Full Dendou Jitensha.

◇ Para sa mga katanungan: Munisipyo ng Inuyama;

**Local Safety Department Traffic Crime Prevention Office ☎ (0 5 6 8) 4 4 - 0 3 4 7**

### < Ang kapitbahay ~ Gng. Kuwagaki Michelle >

Malugod naming ipinakikilala ang ating kapitbahay mula sa Inuyama International Association, isang Spanish Language Instructor na nagmula sa bansang Colombia, si Gng. Kuwagaki Michelle.

#### Q 1. Kailan kayo dumating sa Japan? Bakit kayo nagpunta rito?

Nagpunta ako ditto upang mag-aral ng kolehiyo. Ako ay unang natira sa Kagoshima Ken, Kagoshima City kung saan maraming makikitang luntiang berde, kalikasan, tubo (sugarcane), brown sugar na katulad ng nasa Colombia kaya parang naramdaman kong ito ang aking pangalawang tahanan. Nakilala ko ang aking napangasawa, pagkatapos kong mag-aral ay nagpakasal kami at ngayon ay kasalukuyang naninirahan sa Kasugai City.



#### Q 2. Kamusta ang inyong paninirahan sa bansa? Mga bagay na ikinatuwa o naging problema ninyo?

Masarap ang mamuhay dito sa Japan bagama't naging mahirap intindihin ang wika at kaugalian sa una, ako ay nagpaturo ng nihongo sa aking mga kapitbahay, kaibigan sa kolehiyo, mga kaibigang nauna dito kaysa sa akin. Kahit paano ay natuto ako ng paisa-isang salita at natutunan ang makipag-ugnayan sa iba. Kalaunan, unti-unting naging masaya ang pakikipag-kaibigan at pakikisalamuha sa miyembro ng International Exchange, nag-umpisa akong ipakilala ang Colombia, ang mga lutuin dito, nagturo na rin ako ng espanyol, interpreter at translator na rin ako ngayon. Ako rin ay dumanas ng maraming pagsubok pero nanatili lamang akong positibo at nalagpasan ang lahat ng iyon.

#### Q 3. Paano mo pinalilipas ang iyong holiday?

Simula nang ako ay dumating sa Aichi Ken, kami ay nagda-driving ng aking asawa at nagpupunta sa iba't-ibang lugar (Hiroshima, Tokyo, Koube, Osaka, Ise, Spain village, Magome). Itong nakakaraan ay abala ako sa trabaho at pagpapalaki ng anak.

#### Q 4. Ano ang masasabi mo sa lahat ng ating mambabasa?

Kalahati ng aking buhay ay lumipas sa paninirahan sa Colombia at Japan. Natutunan ko ang wika at kaugalian noong ako ay ikasal, masaya ang buhay ko kasama ang aking asawa at anak, gayundin naman sa aking trabaho. Kahit saang lupain ako mapunta, ito ang aking naging tahanan. Ang makiisa sa aktibidad kasama ang ibang mamamayang may

● Ang probisyon at paliwanag hinggil sa Mother & Child Health Booklet

Maaaring lumahok: Mga nag-dadalang- tao

Saan: Inuyama City Hoken Center

Kailan: Tuwing Martes (bukod sa mga holidays)

Oras ng tanggapan: alas-9:00 ~ 9:15 ng umaga

Nilalaman: Mga dapat gawin at kainin ng mga nag-dadalang- tao, mga prosesong dapat ayusin pagkapanganak.



Dapat dalhin:

1. Ninshin Todokede-sho (Pregnancy notification form) na may pirma ng maternity clinic na pinupuntahan.

2. My number

Notification card ng My Number, kopya ng Junminhyou (residence certificate) na nakalagay ang Personal Number

ninyo o kaya naman ay ang My Number card ninyo na may litrato (ito ay magsisilbi ng pruwera ng pagkakakilanlan kung kaya't hindi na kailangan ang no. 3 na Mibun Shoumeisho)

3. Mibun Shoumeisho (① 1 lamang ② parehong kailangan

① Dokumentong inisyu ng pampublikong organisasyon at may litrato katulad ng Driver`s License o pasaporte.

② ID na walang litrato (Health Insurance, National Pension Booklet)

※ Para sa mamamayang iba ang nasyonalidad, Zairyuu Kigen Kakunin Shorui (residence deadline verification document; residence card o Tokubetsu Eijuusha Shoumeisho (special permanent resident certificate)

Ang pasaporte ay hindi kasama sa kategoryang Zairyuu Kigen Kakunin Shorui.

4. Writing materials

● Health Consultation ng mga buntis, ina, sanggol

Maaaring magpakonsulta: Mga rehistradong residente ng Inuyama City.

<p>Buntis</p> 	<p>Ninpu Kenkou Shinsa Jushinhyou (Examination Form para sa mga buntis)</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• 14 beses itong magagamit habang hindi pa nanganganak.</li> <li>• Depende sa bilang ng linggo ng pagbubuntis ay madadagdagan ang kategorya ng check-up.</li> <li>• Nakasaad dito ang bilang ng lingo ng ipinagbubuntis bilang gabay kung ilang beses magagamit ang form. Ngunit gamitin ito nang ayon sa inyong pangangailangan.</li> </ul>
<p>Pagkapanganak</p> 	<p>Sanpu Kenkou Shinsa Jushinhyou (Examination form para sa mga ina)</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maaari itong gamitin 1 beses sa loob ng 2 buwan.</li> </ul>
<p>Sanggol</p> 	<p>Nyuuji Kenkou Shinsa Jushinhyou (Examination form ng sanggol)</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Magagamit ng 2 beses hanggang 2 araw bago ang ika-1 taong kaarawan.</li> <li>• Ang ika-1 beses ay 1 buwan mula nang ipanganak, ang ika-2 beses ay gamitin mula 6 na buwan ~ 10 buwan mula nang ipanganak.</li> </ul>

※ Mga dapat pag-ingatan

- Ang mga eksaminasyon na nakasaad sa examination form ay babalikatin ng lokal na gobyerno, subalit kung kakailanganin ang iba pang eksaminasyon ito ay sariling gastos na ng magpapa-eksamin.
- Ang Health Examination para sa mga buntis, ina at sanggol ay hindi muryou ken (free coupon) kundi hojouken (subsidy coupon).
- Kung magpatingin sa maternity clinic o iba pang pagamutan sa labas ng Aichi Ken, makipag-ugnayan muna sa Health Center.

◇ Para sa mga katanungan: Inuyama Health Center ☎ (0 5 6 8) 6 1 - 1 1 7 6

**1. Gabay sa deadline ng pagbabayad ng City Tax (Oktubre, 2017~Disyembre, 2017)**


Kategoriya Deadline	Fixed Property Tax	City Tax · Prefectural Tax	National Health Insurance Tax	Halaga ng Nursing Insurance	Halaga ng latter-stage elderly health insurance
Oktubre 31		3 <sup>rd</sup> term	5 <sup>th</sup> term	7 <sup>th</sup> term	3 <sup>rd</sup> term
Nobyembre 30			6 <sup>th</sup> term	8 <sup>th</sup> term	4 <sup>th</sup> term
Disyembre 25	3 <sup>rd</sup> term		7 <sup>th</sup> term	9 <sup>th</sup> term	5 <sup>th</sup> term

**Tuparin ang pagbabayad hanggang sa araw ng deadline!**

**2. Gabay para sa pagbabayad sa pamamagitan ng direct debit payment**

Kombiniyente ang pagbabayad ng city tax sa Direct debit payment. Dalhin lamang ang bank book, hanko, bill ng city tax sa itinalagan g mga banko ng lungsod.

**【Paraan ng aplikasyon】**



Punan ang request

Ito lamang ang gagawin at matatapos na ang proseso!



Isumite sa banko

< Itinalagang institusyon ng lungsod kung saan dapat magbayad >  
Mitsubishi UFJ Bank, Nagoya Bank, Oogaki Kyouritsu Bank, Juuroku Bank, Aichi Bank, Chuukyou Bank, credit union katulad ng Gifu Shinyou, Tounou Shinyou, Ichii shinyou Toushun Shinyou, Aichi Kita Agriculture Cooperative Union, Toukai Roudou, Yuuchou Bank, mga post office.

**3. Consultation counter para sa pagbabayad ng City Tax kapag holidays**

Maaaring makapagbayad ng buwis, kumonsulta at humingi ng sertipikasyon kahit holidays (piyesta opisyal).

Kung nais kumonsulta sa mga araw na ito, makipag-ugnayan lamang sa Tax Department para sa appointment.

▼Saan: 1<sup>st</sup> Fl, ng Munisipyo, Shuunou-ka counter

▼Kailan: Tuwing ika-2 at ika-4 na Linggo, alas-9:00 ng umaga ~ matapos (Okt. 8 at 22, Nob.12 at 26, Dis. 10 at 24)

◇Para sa mga katanungan: Inuyama Municipal Office Shuunou-ka

☎ (0568) 44-0317

**Ang paraan ng pagtatapon ng basura** ◇Para sa mga katanungan:

Inuyama Municipal Office Environment Dept. ☎(0568)44-0344

May itinalagang lalagyan para sa bawat uri ng basura. Pagbukod-bukurin sa tamang lalagyan sa iskedyul ng koleksiyon ng bawat uri nito.



**Burnable Garbage (Koleksiyon: 2x/week)**

- Ilagay sa itinalagang supot at dalhin sa lugar kung saan ito kokolektahin.
- Huwag isama sa mga ito ang hindi burnable garbage. Itapon sa kanya-kanyang lalagyan ang ibang basura.

**Alumi can**  
(2x/mo.)



**Steel can**  
(2x/mo.)




**Plastic packs**  
(1x/wk.)



**PET bottle**  
(2x/mo.)




**Drink packs**  
(2x/mo.)




- Ilagay sa net ang bawat uri ng basura. Huwag nang i-plastik kapag itinapon dito.

**Ang koleksiyon ng basura ay 2x a month. (iba ang lalagyan ng bawat bote depende sa kulay nito)**

Non-burnable(light blue)



Spray can (pink)




Fluorescent tube(red)



battery (gray)



No color empty bottles (no color)



Brown colored empty bottles (brown)



Other empty bottles (yellow)



- Ilagay sa wastong lalagyan ang bawat uri ng basura.

**Koleksiyon: 1x/month**

Newspaper (blue)

(Ang diyaryo at magasin at ilagay sa itinalagang supot kapag itatapon.)



Magazine (orange)



textile (green)

(Isilid sa transparent na supot kapag itatapon.)



card board

(itali at dalhin sa itinalagang lugar ng koleksiyon)



Ang mga basurang mahigit pa sa 50 cm. ay Soudai Gomi (malaking basura). Ipakuha ito sa tanggapan ng Soudai Gomi. Ito at may bayad na 1000 yen bawat piraso.

## Sundays and Public Holidays Clinics Information

### Day time

▼Place: Inuyama City Holiday Emergency Clinic

Add: 1-70, Goromaru Higashi, Inuyama City ☎ (0568) 62-8100

▼Reception hours: 8:30 a.m.- 11:30 a.m. (Consultation starts at 9:00 a.m.)  
1:30 p.m.- 4:15 p.m. (Consultation starts at 2:00 p.m.)

### Night-time

▼Place: Please see the following list of open clinics

▼Consultation hours: 5:00 p.m.- 8:00 p.m



◆ For more information Inuyama City Hall Health Promotion Section (Shimin Kenko Kan) ☎ (0568) 63-3800

		Internal Medicine			Surgery		
M	D	Name of Medical Institution	TEL	Location	Name of Medical Institution	TEL	Location
10	1	Yui Family Clinic	68-3311	Gakuden	Satoshi Ganka Clinic	68-3104	Haguro
	8	Okabe lin	62-7121	Inuyama	Takeuchi Seikeigeka Clinic	61-7311	Inuyama
	9	Itsuki Clinic	62-3101	Inuyama	Niwa Jibiinkoka	67-6868	Haguro
	15	Kurokawa Sukoyaka Clinic	61-0083	Inuyama	Kobayashi Jibiinkoka	61-3154	Inuyama
	22	Itatsu Naika Clinic	67-6333	Gakuden	Takeuchi Hifuka Clinic	62-7511	Inuyama
	29	Miyata lin	67-5566	Haguro	Takuya Seikeigeka	69-1800	Gakuden
11	3	Heart Clinic Sawada	62-5556	Inuyama	Matsumura Clinic	61-1488	Inuyama
	5	Sumire Naika Clinic	68-0025	Gakuden	Kobayashi Ganka	62-7278	Inuyama
	12	Inuyama Eki Nishi Byoin	61-2017	Inuyama	Ishihara Geka	62-2855	Inuyama
	19	Murakami Naika	62-2201	Inuyama	Mother Clinic Happiness	63-4103	Jyoto
	23	Jyonan Clinic	61-0132	Inuyama	Miyata Ganka	61-0200	Inuyama
	26	Ando lin	61-0316	Inuyama	Sato Byoin	67-7660	Haguro
12	3	Miyazaki Seikeigeka・Geka・Naika	68-0461	Haguro	Kawamura Seikeigeka	67-1134	Gakuden
	10	Yoshida Naika Clinic	62-9222	Inuyama	Kuwabara Clinic	61-1118	Jyoto
	17	Ando Clinic	62-8881	Jyoto	Yamamoto Hifuka Clinic	62-6855	Inuyama
	23	Midori Shinryojo	67-3311	Haguro	Funabiki Clinic	62-8811	Jyoto
	24	Kimura Naika	67-0008	Haguro	Satoshi Ganka Clinic	68-3104	Haguro
	31	Kimura Naika	67-0008	Haguro	Kawamura Seikeigeka	67-1134	Gakuden

Inuyama NewsLetter Published by Inuyama City Hall

〒484 - 8501 Aichiken Inuyamashi Oaza Inuyama Aza Higashihata36

Edited by Inuyama International Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyamashi matsumotocho4-21 Inuyama International Tourism Center 『Freude』

TEL : (0568) 61-1000 FAX : (0568) 63-0156 E-mail : [ia@grace.ocn.ne.jp](mailto:ia@grace.ocn.ne.jp) HP : <http://iiea.info>

Staff : (English) Kusakabe Kazuro, Uchimura Hidetomo, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Tanaka Miki, Nakamura Yoriko, The Church of Jesus Christ of Saints Latter-day

(Spanish) Carlos Tawara, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Hishikawa Chiduko, Kuwagaki Michelle

(Portuguese) Marcos Yara, Terano Hide, Bruno Sueishi, Lucimare Terada, Edison Kakihara

(Chinese) Wu huixing, Ma xianyuan, Harita Misako, Fukuta kazue, Takamori Yuko

(Viet-Nameese) Ngo Thi Thuy, Dinh Trong Dinh, Nguyen Duy Lap, Pham Cong Phong, Nguyen Van Kien